

# LEARNING STRAND 1 KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO

MODYUL 5: PAHAYAG MO DULOT AY PAGKATUTO

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School







## **PAHAYAG MO DULOT AY PAGKATUTO**

---

**KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO  
MODYUL 5**

**ALS Accreditation and Equivalency Program:** Junior High School  
**Learning Strand 1:** Kasanayang Pangkomunikasyon sa Filipino  
**Modyul 5:** Pahayag Mo Dulot ay Pagkatuto

Inilimbag ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization  
UNESCO Office, Jakarta taong 2020  
Jalan Galuh II No. 5, Kebayoran Baru, Jakarta, Indonesia

*and*

Kagawaran ng Edukasyon  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

Karapatang sipi © UNESCO and DepEd 2020

Ang publikasyon na ito ay magagamit sa ilalim ng Attribution-Share Alike 3.0 IGO (CC-BY-SA) 3.0 IGO license (<http://creativecommons.org/licenses/by-sa/3.0/igo/>). Kaakibat ng paggamit ng nilalaman ng publikasyon ito, ang mga gumagamit ay tatanggapin ang mga tuntunin sa paggamit ng UNESCO Open Access Repository (<http://www.unesco.org/open-access/terms-use-ccbysa-en>).

Ang lahat ng materyal na iprinisinta sa kabuoan ng publikasyon na ito ay hindi nagpapahiwatig at nagpapahayag ng anumang opinyon ng kahit na sinomang parte ng UNESCO sa usapin ng legal na katayuan ng anumang bansa, teritoryo, lungsod o lugar, mga awtoridad nito, o kahit na ang mga hangganan nito.

Ang pagpili ng mga materyal at opinyon na nakapaloob sa publikasyon ay responsibilidad ng mga manunulat at hindi ng UNESCO.

Ang modyul na ito ay ginawa at inilimbag para sa proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” na may suportang pampinansyal mula sa Korea International Cooperation Agency.

Inilimbag ng APC Printers Corporation  
Inilimbag sa Makati City, Philippines

ISBN 888-888-8888-88-8

## DEVELOPMENT TEAM



Jenelyn Marasigan Baylon	Master Teacher I, ALS Task Force (On-detail)
Kristine Lee S. Lumanog	Education Program Specialist II, ALS Task Force (On-detail)
Judy R. Mendoza	Project Development Officer III, Bureau of Learning Resources
Reyangie V. Sandoval	Education Program Specialist II, Bureau of Learning Resources
Josephine C. Intino	Senior Education Program Specialist, Bureau of Curriculum Development
Eric U. Labre	Senior Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Roderick P. Corpuz	Supervising Education Program Specialist, ALS Task Force
Daisy Asuncion O. Santos	Chief Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Marilette R. Almayda	Director III/Head, ALS Task Force
Ariz Delson Acay D. Cawilan	Officer-In-Charge, Office of the Director IV, Bureau of Learning Resources
G. H. S. Ambat	Assistant Secretary for Alternative Learning System Program and Task Force
Tonisito M. C. Umali	Undersecretary for Legislative Liaison Office, External Partnership Service and Project Management Service
Leonor Magtolis Briones	Secretary



Nanette Amongol	Author
Chinita Ann Francisco	Content Expert
Bernadette Sison	Admin and Finance Staff
Mildred Parbo	Project Lead
Ma. Teresita Medado	President

### Content and Language Evaluators and Instructional Design Reviewer

Levi M. Coronel	Regional Office X – Northern Mindanao, Department of Education
Hilda N. Garcia	Schools Division Office of Angeles City, Department of Education
May L. Mojica	De La Salle University – Dasmariñas



United Nations  
Educational, Scientific and  
Cultural Organization

Ade Sandra	Admin and Finance Assistant
Rusyda Djamhur	Project Assistant
Marmon Abutas Pagunsan	National Project Consultant
Remegio Alquitran	National Project Officer
Maria Karisma Bea Agarao	National Programme Coordinator
Mee Young Choi	Head of Education Unit
Shahbaz Khan	Director and Representative

# Gabay sa Gagamit

*Para sa mag-aaral:*

Malugod na pagtanggap sa Learning Strand 1 Filipino ng Alternative Learning System (ALS) Junior High School Modyul para sa araling Pahayag Mo Dulot ay Pagkatuto.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral sa iyong sariling pamamaraan at bilis ng pagkatuto. Hangad din nito na madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



***Kilalanin***

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



***Subukin***

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



***Layunin***

Ang seksyon na ito ay nagbibigay ng maikling talakayan ukol sa aralin. Nilalayan nitong matulungan kang matuklasan at maunawaan ang mga bagong konsepto at kasanayan.



***Tuklasin***

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain, o isang sitwasyon.



***Suriin***

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



***Linangin***

Binubuo ito ng mga gawain para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



***Isagawa***

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



***Tandaan Mo***

Dito matatagpuan ang mga buod ng mga aralin sa modyul na ito.



***Pagtataya***

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

***Susi sa  
Pagwawasto***

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

***Talahulugan***

Ang bahaging ito ang nagbibigay ng impormasyon ukol sa kahulugan ng mga salitang ginamit sa modyul na ito.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

***Sanggunian***

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# NILALAMAN

<b>Kilalanin</b>	1
<b>Subukin</b>	2
<b>ARALIN 1: Iba't ibang Paraan ng Pagpapahayag</b>	6
Layunin	6
Tuklasin	7
Suriin	8
Linangin	16
Isagawa	18
<b>ARALIN 2: Mga Hudyat ng Kaugnayang Lohikal</b>	19
Layunin	19
Tuklasin	20
Suriin	21
Linangin	26
Isagawa	29
<b>ARALIN 3: Mga Pang-ugnay sa Pagsasalaysay</b>	30
Layunin	30
Tuklasin	31
Suriin	33
Linangin	38
Isagawa	42



# NILALAMAN

---

<b>Tandaan Mo</b>	43
<b>Pagtataya</b>	48
<b>Susi sa Pagwawasto</b>	51
<b>Talahulugan</b>	53
<b>Sanggunian</b>	54





## MODYUL 5

# KILALANIN

**Panuto:** Basahin ang maikling introduksiyon upang lubos na maunawaan ang mga araling tatalakayin sa loob ng modyul.

**S**i Josh at Lia ay magsasagawa ng interbyu tungkol sa mga pamahiin na pinaniniwalaan sa Pilipinas. Kailangan nila itong ikuwento sa kanilang komunidad para magkaroon ng kaalaman ang mga ito sa kulturang mayroon ang bansa.



Sa modyul na ito ikaw ay inaasahang:

- Naisasalaysay nang masining ang isang pagsubok na dumating sa buhay na napagtagumpayan dahil sa pananalig sa Diyos at tiwala sa sariling kakayahan (LS1CS/FIL-PS- PPB-JHS -34)
- Nasasabi/Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari (LS1CS/FIL-PB-PPD-MT/JHS-51)
- Nakasusulat ng isang sanaysay na naglalalahad ng sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa (LS1CS/FIL-PU-PPE-JHS-25)
- Nagagamit nang wasto ang mga pang-ugnay na hudyat sa pagsasalaysay at pagsusunod-sunod ng mga pangyayari (isang araw, samantala, at iba pa) (LS1CS/FIL-PS-PPB-JHS-18)

**Ang modyul na ito ay binubuo ng tatlong aralin:**

**Aralin 1:** Iba't ibang Paraan ng Pagpapahayag

**Aralin 2:** Mga Hudyat ng Kaugnayang Lohikal

**Aralin 3:** Mga Pang-ugnay sa Pagsasalaysay



## MODYUL 5

# SUBUKIN

---

I. **Panuto:** Basahin ang mga pamahiin at tukuyin ang mga pang-ugnay na ginamit. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Kung galing sa patay, hindi pwedeng dumiretso agad nang uwi sa bahay. Kaya kailangan munang magpagpag o tumambay sa ibang lugar. Ito ay para ipagpag ang anumang “di magandang” mga bagay na naisama mula sa lamay.

A. kung, kaya, at o

B. mula at ang

C. munang at anumang

D. na at sa

2. Bawal matulog habang basa ang buhok dahil mabubulag ka raw.

A. habang at dahil

B. mabubulag at matutulog

C. habang, dahil, at raw

D. bawal at ka

3. Hindi dapat magwalis tuwing gabi dahil lalabas ang suwerte.

A. dahil

B. suwerte

C. tuwing

D. gabi

4. Hindi raw dapat matuluan ng luha ang kabaong dahil hindi matatahimik ang kaluluwa ng namatay.

A. habang at dahil

B. kabaong at kaluluwa

C. dahil at raw

D. matatahimik at namatay

5. Para sa mga babae, huwag kakain ng maasim tuwing may *monthly period*, dahil hihina ang buwanang dalaw.

A. dahil

B. babae

C. huwag

D. buwanang dalaw

## MODYUL 5

---

**II. Panuto:** Dugtungan ng sanhi o bunga ang mga pahayag na nasa mga kolum. Isulat ang iyong sagot sa isang malinis na papel.


SANHI	BUNGA
Si Harold ay nahuli sa klase at hindi nakakuha ng pagsusulit	1.
2.	nagkaroon ng matinding pagbaha sa ilang mga lugar sa Metro Manila
Masipag magtanim ang mga tao sa barangay na iyon	3.
Nasusunod ang layaw ng kaniyang anak	4.
5.	dumudumi ang ilog

**III. Panuto:** Gumawa ng isang maikling pagpapakilala ng iyong sarili. Ilahok sa gagawin ang isang kinaharap na problema. Marapat na ito ay naglalaman ng isang problema na iyong napagtagumpayan dahil sa pagkakaroon ng tiwala sa sarili at Diyos. Isulat ito sa isang malinis na papel.

IV. **Panuto:** Basahin ang balitang “*Mga Taguig Scholars: Tatanggap ng P5K ngayong Covid-19 Crisis*” ni Gel Manalo at magbigay ng sariling pananaw hinggil sa nasabing balita. Isulat ito sa isang malinis na papel.

### “MGA TAGUIG SCHOLAR TATANGGAP NG P5K NGAYONG COVID-19 CRISIS”

GEL MANALO



Inatasan ni Taguig City Mayor Lino Cayetano ang *Taguig Scholarship Office at Barangay Affairs Office* na ipamahagi ang P5,000 *Special Emergency Assistance to Scholars (SEAS)* simula Abril 20 para matulungan ang mga scholar ng lungsod at kanilang mga pamilya ngayong pinaiiral ang *enhanced community quarantine* dahil sa *Corona Virus (Covid-19) pandemic*.

Nasa 25,000 scholar ang kabilang sa SEAS, sa ilalim ito ng *Lifeline Assistance for Neighbors In-need (LANI) Scholarship Program*, *Taguig City University (TCU) Educational Assistance Allowance* at *Taguig Learners Certificate (TLC) Scholarship Program*.

*“This is another proactive measure to expand the assistance we give to our residents. By designing a support program around our scholars, we affirm our commitment to the well-being of our young people even in extraordinarily difficult times,”* sabi ni Cayetano.

Iba pa umano ito sa iba pang tulong pinansyal ng lungsod tulad ng *livelihood assistance* sa mga *public transport driver, food pack* at *anti-COVID kit*.

Dagdag pa ng alkalde, *“Taguig has been known to the country for its hallmarks in assisting learners in achieving their dreams. We want to make sure that this love for learning is resilient even to a crisis.”*



# IBA'T IBANG PARAAN NG PAGPAPAHAYAG

Bahagi ng komunikasyon ang pagpapahayag, ito man ay nagsasalaysay, naglalarawan, naglalahad, o nangangatwiran. Mahalagang maunawaan natin ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag upang mapaunlad pa natin ang ating kakayahan na makapagpahayag.

Pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ang sumusunod:



Naisasalaysay nang masining ang isang pagsubok na dumating sa buhay na napagtagumpayan dahil sa pananalig sa Diyos at tiwala sa sariling kakayahan (LS1CS/FIL-PS- PPB-JHS -34).





# ARALIN 1

## TUKLASIN

---

**Panuto:** Alamin kung ano-ano ang pamahiin sa kasal, bahay, pagbubuntis, at sanggol na pinaniniwalaan ng inyong pamilya.

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Ano-ano ang pamahiin na iyong pinaniniwalaan tungkol sa kasal, bahay, pagbubuntis, at sanggol?
2. Paano ito nakaaapekto sa iyong pamumuhay?

PAMAHIIN SA KASAL

PAMAHIIN SA  
PAGBUBUNTIS

PAMAHIIN SA BAHAY

PAMAHIIN SA  
SANGGOL



# ARALIN 1

## SURIIN

Kilala ang Pilipinas sa napakaraming pamahiin na pinaniniwalaan. Ang ilan sa mga ito ay nagpasalin-salin sa iba't ibang henerasyon.



Ang pamahiin ay mga kasabihan na maaaring may kinalaman sa mga paniniwala, kultura, at maging ng aspektong panrelihiyon.

Malaki ang naging ambag ng pagpapahayag sa paglilipat o pagpapasa ng mga pamahiin sa Pilipinas dahil kadalasan ang ating mga literatura ay ipinamamana nang pasalita.

## MGA PARAAN NG PAGPAPAHAYAG

### 1. PAGLALARAWAN

Uri ng pagpapahayag na nagbibigay ng deskripsiyon sa salaysay. Ito rin ay may layuning makabuo ng isang malinaw na larawan sa isip ng mga mambabasa o nakikinig.

Nahahati sa dalawang uri ang paglalarawan.

#### a. Karaniwang Paglalarawan

Ang paglalarawan na ito ay gumagamit ng mga tiyak at kongkretong salita na naglalarawan. Higit na binibigyang-diin sa paglalarawang ito kung ano ang nakikita ng manunulat.

**Halimbawa:**

“Iwasang magsuot ng puting perlas sa araw ng kasal”.

Dahil ang kadalasang kulay ng perlas ay puti, ang inilagay na paglalarawan ay ang kongkretong deskripsiyon ng perlas.

#### b. Masining na Paglalarawan

Ang paglalarawan na ito ay naglalayong pukawin ang guni-guni o damdamin ng mambabasa. Binibigyang-diin dito ang gamit ng malikhaing salita na nilikha ng imahinasyon. Ang gamit ng tayutay, pahayag idyomatiko, at ilan pang matalinghagang salita ang pangunahing paraan ng paglalarawan.


# ARALIN 1

---

## Halimbawa:

“Hindi raw maganda ang pagsusuot ng **mala-gatas** na perlas sa araw ng kasal”

Sa halip na gamitin ang salitang puti na kongkretong kulay ng perlas, ginamitan ang pangungusap ng tayutay na pagtutulad dahil inihalintulad ang kulay ng perlas sa kulay ng gatas na kung titingnan ay puti rin.



## 2. PAGESASALAYSAY

Uri ng pagpapahayag na nagsasalaysay ng mga pangyayari sa kabuoan ng babasahin. Ito ay maaaring isinasalaysay sa paraang patalambuhay, pangkasaysayan, pagpapaliwanag, pagsasalaysay ng pangyayari, at pagkukuwento ng paglalakbay.

**Halimbawa** (Pagsasalaysay ng Pangyayari):


### KUWENTONG PALENGKE

NANETTE T. AMONGOL

Tuwing Sabado, nakaugalian na ng aking ina na magluto ng maraming putahe kahit wala namang okasyon. Nais lamang daw niya na magbahagi ng biyaya sa aming mga kapitbahay. Sa tuwing siya ay magluluto, ako ang naaatasang pumunta sa palengke upang mamili ng mga kakailanganin sa pagluluto. Ayon sa kaniya ang lulutuin niya ay pansit bihon kaya nagbigay siya ng kaniyang listahan bago ako nagtungo sa palengke. Hindi naman mahirap mamili lalo na't mabusisi siya sa pagbibigay ng mga bagay na kailangan kong bilhin.

## ARALIN 1

---



Dumako ako sa bilihan ng bihon pagkatapos ay sa bilihan naman ng mga rekado.

Mahigit isang oras din ang inabot ko sa pamimili dahil sa dami ng tao sa palengke. Mabuti at isa na lamang ang hindi ko nabibili at iyon ay ang manok na kaniyang isasahog sa pansit bihon. Tumungo ako sa suking tindahan ng aking ina at pumili ng parte ng manok na ibinilin niya. Habang pumipili, napansin ko na ang aking katabi ay tarantang nagbibilang ng kaniyang pera na ipambabayad sa may-ari ng tindahan.



“Naku, kulang ang pera ko. Maaari bang tumawad sa paninda mo?”  
sabi ng aking katabi

## ARALIN 1

---

“Hindi puwede, kabubukas ko lang baka malugi ako” paliwanag naman ng may-ari ng tindahan

Bigla akong napatingin sa dala kong pera. Sobra-sobra ang ibinigay sa akin dahil nakamura ako sa mga pinamili ko kaya naman, nagprisinta ako na ako na lamang ang magbabayad ng kulang sa pinamili niya. Nagpasalamat naman siya at umalis, tatanawin niya raw na utang na loob ang aking ginawa.

Pag-uwi ko, masaya kong kinuwento ang aking naging karanasan sa palengke at ngumiti naman si Inay sa akin tsaka niya sinabi na “Tama lamang ang iyong ginawa, hanggat kaya nating tumulong, tayo ay tutulong.”

### 3. PANGANGATWIRAN

Uri ng pagpapahayag na nagbibigay ng sapat na katibayan o patunay upang ang isang panukala ay maging katanggap-tanggap o kapani-paniwala. Layunin nito na hikayatin ang mga tagapakinig na tanggapin ang kawastuhan ng kanilang pananalig o paniniwala sa pamamagitan ng makatuwirang pagpapahayag. Ito ay pinatutunayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng rason.

Nahahati sa dalawang uri ang pangangatwiran.

#### a. Pangangatwirang Pabuod (Inductive Reasoning)


Nagsisimula sa mga halimbawa o partikular na kaisipan o katotohanan at nagtatapos sa pangkalahatang ideya. Ito ay nagsisimula sa mas ispesipikong ideya patungo sa mas malawak na ideya.

# ARALIN 1

---

## Halimbawa:

Ayon sa matandang kasabihan, kung ang tiyan ng isang buntis ay pabilog, malaki ang posibilidad na ang anak nito ay babae at kung patulis naman, ito ay lalaki. Isa lamang iyan sa mga pamahiin na pinaniniwalaan sa Pilipinas.



## b. Pangangatwirang Pasaklaw (Deductive Reasoning)

Nagsisimula ang pangangatwiran sa paglalahad ng pangkalahatan o masaklaw na ideya at mula rito, isa-isang inilalahad ang mga ispesipiko at tiyak na ideya.

## Halimbawa:

Maraming mga pamahiin na pinaniniwalaan sa Pilipinas, ito man ay mapa-pamahiin sa kasal, bahay, at kahit sa pagbubuntis kagaya na lamang ng pinaniniwalaan na kung ang tiyan ng isang buntis ay pabilog, malaki ang posibilidad na ang anak nito ay babae at kung patulis naman, ito ay lalaki.

## 4. PAGLALAHAD

Ang paglalahad ay isang anyo ng pagpapahayag na naglalayong mabigyang-linaw ang isang konsepto o kaisipan, bagay, o paninindigan upang lubos na maunawaan ng nakikinig o nagbabasa.

Nahahati sa pitong uri ang paglalahad.

- a. **Pagbibigay Katuturan** – ito ay nagpapaliwanag ng pag-unawa sa kahalagahan ng isang bagay, tao, pangyayari, o konsepto.

## ARALIN 1

---

- b. **Pagsunod sa Panuto o Pamamaraan** – ito ay nagpapaliwanag sa mga hakbang na dapat sundin upang maabot ang ninanais na kalabasan. Isang halimbawa nito ay ang pagsunod sa resipi.
- c. **Pangulong Tudling/Editoryal** – ito ay nagpapahayag ng opinyon o palagay ng editor ng isang pahayagan o magasin tungkol sa napapanahong isyu.
- d. **Sanaysay** – anyong panitikan na naglalahad ng kuro-kuro, pananaw, paniniwala, at damdamin ng manunulat hango sa kaniyang karanasan at sa inaakalang palagay niya sa katotohanan.
- e. **Balita** – naglalaman ng mga pang-araw-araw na pangyayari sa loob at labas ng bansa.
- f. **Pitak** – ito ay naglalaman ng reaksiyon at sariling pananaw hinggil sa isang napapanahong isyu o pangyayaring nagaganap sa kaniyang paligid o sa iba pang pook. Kadalasan din itong tinatawag na kolum.
- g. **Tala** – ito ay listahan ng mga bagay na dapat gawin o tandaan.
- h. **Ulat** – paglalahad ng mga kaisipan o kaalamang nakukuha, natututuhan, at nasaliksik mula sa binasa, narinig, nakita, o naranasan.



**Halimbawa** (Pagsunod sa Panuto o Pamamaraan)

## TATLONG PARAAN UPANG MAKAPAG-IPON

**1. Isulat ang lahat ng mga maaaring maging gastusin sa isang buwan.**

Importanteng malaman ng isang taong nag-iipon ang mga bagay na dapat paglaanan ng kaniyang perang pinaghirapan. Mahalaga rin na itala ang mga ito sa papel nang sa gayon, ating maalala na ang pera ay may pinaglalaanan at maiwasan ang gastos na hindi naman pinagplanuhan.

**2. Hatiin ang pera ayon sa mga naitalang gastusin para sa isang buwan**

Hatiin ang kabuoang pera sa mga gastusin at maglaan para sa ipon. Palaging bigyan ng importansya ang ipon kaysa sa hindi naman mahahalagang gastusin.

**3. Magbukas ng account sa mga *life investment***

Maaaring ilagay ang ipon sa mga mapagkakatiwalaang lugar impokan kagaya ng bangko o mga *investment plan* na maaaring makapagpadagdag pa sa pera.



# ARALIN 1

## LINANGIN

- I. **Panuto:** Maglista ng mga pamahiin na iyong pinaniniwalaan. Ibahagi kung paano ito nakaaapekto sa iyong pamumuhay at nakadadagdag sa iyong pananampalataya. Isulat ang iyong sanaysay sa isang malinis na papel.

### RUBRIK SA PAGTATALA NG PAMAHIIN

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Naipaliwanag nang napakahusay at malinaw ang epekto ng mga pamahiin sa buhay at pananampalataya.	Naipaliwanag nang bahagya ang epekto ng mga pamahiin sa buhay at pananampalataya.	Hindi malinaw na naipaliwanag ang epekto ng mga pamahiin sa buhay at pananampalataya.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng mga ideya.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya.	Hindi maayos ang paglalahad ng mga ideya.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga ideya na nasa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
<b>KABUOAN (20 PUNTOS)</b>				

# ARALIN 1

**II. Panuto:** Magsagawa ng panayam tungkol sa sampung pinaniniwalaang pamahiin sa iyong lugar. Gamit ang alinman sa dalawang uri ng paglalarawan, isulat ang iyong sagot sa isang malinis na papel.

## RUBRIK SA PAGTATALA NG PAMAHIIN

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nakapagtala ng pito hanggang sampung pinaniniwalaang pamahiin at nailarawan nang mahusay ang mga ito ayon sa piniling uri ng paglalarawan.	Nakapagtala ng tatlo hanggang anim na pinaniniwalaang pamahiin at bahagyang nailarawan ang mga ito ayon sa piniling uri ng paglalarawan.	Nakapagtala lamang ng isa hanggang dalawang pinaniniwalaang pamahiin at hindi gaanong nailarawan ang mga ito ayon sa piniling uri ng paglalarawan.	
ORGANISASYON	Napakaayos at organisado ang paghahanay ng mga ideya. Malinaw ang pagkakalahad ng mga ideya.	Hindi gaanong maayos at organisado ang paghahanay ng mga ideya. May ilang bahagi na malabo ang pagkakalahad ng ideya.	Hindi maayos at hindi organisado ang paghahanay ng mga ideya. May kalabuan ang halos lahat ng ideya.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Mahusay na nakapaglarawan ng mga pamahiing nakalap ayon sa piniling uri nito.	Hindi gaanong mahusay ang paglalarawan sa mga pamahiing nakalap ayon sa piniling uri nito.	Hindi mahusay ang paglalarawan sa mga pamahiing nakalap ayon sa piniling uri nito.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
<b>KABUOAN (20 PUNTOS)</b>				



# ARALIN 1

## ISAGAWA

**Panuto:** Gamit ang paglalahad na paraan ng pagpapahayag, sumulat ng sanaysay tungkol sa napagtagumpayang pagsubok sa buhay dahil sa pananalig sa Diyos at tiwala sa sarili. Isulat ang iyong sanaysay sa isang malinis na papel.

### RUBRIK SA PAGBUO NG SANAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Mahusay na naibahagi ang karanasan. Malinaw na naipaliwanag ang pananagumpay laban sa pagsubok sa buhay.	Bahagyang mahusay ang pagbabahagi ng karanasan. May ilang bahagi na hindi gaanong malinaw ang pagpapaliwanag sa pananagumpay laban sa pagsubok sa buhay.	Hindi nakapagbahagi ng karanasan. Hindi naipaliwanag ang pananagumpay laban sa pagsubok sa buhay.	
ORGANISASYON	Napakaayos at organisado ang paghahanay ng mga ideya. Malinaw ang pagkakalahad ng mga ideya.	Hindi gaanong maayos at organisado ang paghahanay ng mga ideya. May ilang bahagi na malabo ang pagkakalahad ng ideya.	Hindi maayos at hindi organisado ang paghahanay ng mga ideya. May kalabuan ang halos lahat ng ideya.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nailapat nang mahusay ang kasanayan sa paglalahad na tinalakay sa aralin.	Hindi gaanong nailapat ang kasanayan sa paglalahad na tinalakay sa aralin.	Hindi kinakitaan ng paglalahad ng kasanayan sa paglalahad na tinalakay sa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				



# MGA HUDYAT NG KAUGNAYANG LOHIKAL

Upang mas maging mainam ang paglalahad ng anumang kaisipan o konsepto sa pinakamabilis at simpleng pamamaraan, may mga palatandaan na ginagamit sa anumang uri ng diskurso upang maipakita ang pagkakaugnay-ugnay ng mga ito. Bahagi ito ng pagbibigay-linaw o di kaya ay pagbibigay-diin sa lahat ng kaisipan na nakapaloob sa anumang uri ng babasahin.

Pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ang sumusunod:




Nasasabi/Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari (LS1CS/FIL-PB-PPD-MT/JHS-51).



## ARALIN 2

# TUKLASIN

**Panuto:** Suriin ang larawan at sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ito sa isang malinis na papel.



1. Naranasan mo na bang maabutan ng malakas na ulan sa daan? Isalaysay ang karanasang ito.
2. Ano-ano sa iyong palagay ang resulta ng matinding pag-ulan?
3. Ano-ano ang naisip na solusyon kung sakaling abutan ng malakas na ulan sa daan?



## ARALIN 2

# SURIIN

Bago tayo dumako sa pormal na talakayan ng aralin, atin munang pag-usapan ang iyong naging gawain sa Tuklasin. Kung iyong mapapansin, ito ay tumatalakay sa sanhi at bunga ng mga pangyayari. Nararapat lamang na maisulat ang mga detalyeng nilalaman nito sa isang maayos at magandang pamamaraan. Sa tulong nito, lubos na maintindihan ng isang mambabasa ang kanilang mga binabasa at impormasyon na inihahain ng manunulat. Halina't tuklasin natin ang mga hudyat na ginagamit. Ang mga ito ay ang sumusunod:

## 1. SANHI AT BUNGA

Ito ay nagpapakita ng **sanhi** na dahilan ng pangyayari at **bunga** na resulta ng isang pangyayari.

### Halimbawa:

Sina Josh at Lia ay nakakuha ng maraming impormasyon para sa kanilang takda, kaya lubos ang kanilang tuwa.

**SANHI:** Sina Josh at Lia ay nakakuha ng maraming impormasyon para sa kanilang takda.

**BUNGA:** ...lubos ang kanilang tuwa.

**PANG-UGNAY:** kaya

### Halimbawa:

Hindi natuloy ang pagpupulong dahil umulan nang malakas.

**SANHI:** umulan nang malakas

**BUNGA:** Hindi natuloy ang pagpupulong

**PANG-UGNAY:** dahil



### 2. PARAAN AT LAYUNIN

Ang **paraan** ay sumasagot sa tanong na “Ano ang iyong ginawa?” at ang **layunin** naman ay sumasagot sa tanong na “Para saan ang iyong ginawa?”.


**Halimbawa:**

Lumuwas sila ng Maynila, **upang** kumalap ng mga pamahihin na patuloy pa ring umiiral.

**PARAAN:** Lumuwas sila ng Maynila

**LAYUNIN:** ...kumalap ng mga pamahihin na patuloy pa ring umiiral

**PANG-UGNAY:** upang



### 3. PARAAN AT RESULTA

Ang **paraan** ay sumasagot sa tanong na “Ano ang iyong ginawa?” at ang **resulta** naman ay sumasagot sa tanong na “Ano ang kinalabasan ng iyong ginawa?”.

**Halimbawa:**

Sa pagkakaisa at pagtutulungan, nakolekta nina Josh at Lia ang datos na kanilang kinakailangan.

**PARAAN:** pagkakaisa at pagtutulungan.

**RESULTA:** ...nakolekta nina Josh at Lia ang datos na kanilang kinakailangan.

**PANG-UGNAY:** sa



### 4. KONDISYON AT BUNGA

Ang **kondisyon** ay nagpapakita ng dapat na ginawa at ang **bunga** naman ang maaaring resulta ng iyong ginawa.

**Halimbawa:**

**Kung** inagahan mo ang pagpunta, nakakuha ka sana ng pagsusulit.

**KONDISYON:** ...inagahan mo ang pagpunta

**BUNGA:** ...nakakuha ka sana ng pagsusulit

**PANG-UGNAY:** kung

Upang mas maunawaan ang paggamit ng mga pang-ugnay, ating pag-aralan ang kahulugan, layunin, at wastong paggamit nito.

#### GAMIT NG MGA PANG-UGNAY

**at** - ay ginagamit upang mapag-ugnay ang pangalan ng dalawang tao, bagay, pook, at iba pa. Ginagamit din ito sa tambalang pangungusap na iniugnay ang dalawang sugnay na makapag-iisa.

**ngunit** - ginagamit sa pag-uugnay ng dalawang sugnay na pinaghahambing ang dalawang diwa. Karaniwa'y panalungat ang gamit ng **ngunit**.

**sapagkat, dahil** - ginagamit sa sugnay na nagpapaliwanag o nagbibigay katuwiran

**sa, kung, upang, dahil, at kaya** - mga kataga o lipon ng salitang ginagamit na pang-ugnay sa tambalan o hugnayang pangungusap.

## ARALIN 2

---

Narito ang ilan pa sa mga kataga o lipon ng salita na ginagamit sa pag-uugnay sa tambalan at hugnayang pangungusap.

o kaya sakali	maging ngunit datapwat	nasa bagaman kung	kundi sana kasi
dahil subalit ni	kung kaya kung sakali sa wakas	sa kabuoan sa kabila	sa kabilang dako kung gayon

### Halimbawang Pangungusap:

“O”

Si Chin **o** ako ang pupunta sa patimpalak sa pagsulat ng talumpati.

“Maging”

Lahat ng tao ay may karapatan **maging** sino ka man na mabuhay nang maayos sa mundong ito.

“Bagaman”

Ang mamamayang Pilipino, **bagaman** hirap sa buhay, ay laging kamamasdan ng kasiyahan.

“Kundi”

Wala akong ibang ginawa **kundi** kumain nang kumain maghapon.

“Kung sakali”

Hindi ako matutuloy sa pag-alis **kung sakaling** umulan mamaya.

## ARALIN 2

---

### “Kung kaya”

Nawawalan na ako ng pag-asa na manalo **kung kaya**, nagdasal na lamang ako upang magkaroon ng lakas ng loob.

### “Sa kabila”

Nakuhang magsikap sa pag-aaral ng magkakapatid **sa kabila** ng matinding hirap na kanilang pinagdaanan.




## ARALIN 2

# LINANGIN

- I. **Panuto:** Suriin at unawain kung ano ang konseptong makikita sa larawan. Bumuo ng pangungusap na gumagamit ng mga hudyat ng kasanayang lohikal. Isulat ang sagot sa malinis na papel.

1.



SANHI:  
BUNGA:

2.




SANHI:  
BUNGA:

3.



SANHI:  
BUNGA:

4.



SANHI:  
BUNGA:

## ARALIN 2

---

### RUBRIK SA PAGBUO NG PAHAYAG GAMIT ANG MGA HUDYAT NG KASANAYANG LOHIKAL

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nakapagbigay ng mga kahingian na nakabatay sa aralin at panuto.	Nakapagbigay ng ilan sa mga kahingian na nakabatay sa aralin at panuto.	Hindi nakapagbigay ng mga kahingian na nakabatay sa aralin at panuto.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng mga ideya.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya.	Hindi maayos ang paglalahad ng mga ideya.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga ideya na nasa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
<b>KABUOAN (20 PUNTOS)</b>				

## ARALIN 2

**II. Panuto:** Gamit ang mga pang-ugnay na ibinigay sa aralin, sumulat ng isang tulang may apat na saknong na tumatalakay sa sanhi at bunga ng isang problema na kinahaharap ng iyong komunidad. Ilagay ang iyong tula sa isang malinis na papel.

### RUBRIK SA PAGBUO NG TULA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nailahad nang malinaw ang sanhi at bunga ng problemang pangkomunidad.	Hindi gaanong nailahad nang malinaw ang sanhi at bunga ng problemang pangkomunidad.	Hindi nailahad nang malinaw ang sanhi at bunga ng problemang pangkomunidad.	
ORGANISASYON	Nakabuo ng tatlo hanggang apat na saknong ng tula na may maayos na paglalahad ng mga ideya sa lahat ng bahagi.	Nakabuo ng tatlo hanggang apat na saknong ng tula ngunit hindi gaanong malinaw ang paglalahad sa ilang bahagi.	Nakabuo ng isa hanggang dalawang saknong ng tula at hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya sa ilang bahagi.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga pang-ugnay na binigyang-tuon sa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga pang-ugnay na binigyang-tuon sa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga pang-ugnay na binigyang-tuon sa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
<b>KABUOAN (20 PUNTOS)</b>				



## ARALIN 2

# ISAGAWA

**Panuto:** Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa paraan ng pamumuhay o kultura ng iyong komunidad. Gumamit ng **Mga Hudyat ng Kaugnayang Lohikal**. Isulat sa isang malinis na papel ang iyong sanaysay.

### RUBRIK SA PAGBUO NG SANAYSAY GAMIT ANG KAUGNAYANG LOHIKAL

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Mahusay at malinaw na naipaliwanag ang paraan ng pamumuhay at kultura ng komunidad.	Hindi gaanong mahusay at bahagyang malinaw ang pagpapaliwanag sa paraan ng pamumuhay o kultura ng komunidad.	Hindi mahusay at hindi malinaw ang pagpapaliwanag sa paraan ng pamumuhay o kultura ng komunidad.	
ORGANISASYON	Napakaayos at organizado ang paghahanay ng mga ideya. Malinaw ang pagkakalahad ng mga ideya.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga kaugnayang lohikal na binigyang-tuon sa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga kaugnayang lohikal na binigyang-tuon sa aralin.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga kaugnayang lohikal na binigyang-tuon sa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				




## MGA PANG-UGNAY SA PAGSASALAYSAY

Napakahalaga sa buhay ng isang tao ang makapagsalaysay siya ng isang pangyayari, kuwento, o karanasan sa kaniyang buhay. Paraan ito upang mapakinggan siya ng ibang tao at gumaan din ang kaniyang kalooban. Kaya naman, malaki ang gampanin ng mga pang-ugnay sa pagsasalaysay para sa maayos na pagpapahayag ng mga nais nating sabihin. Madali rin nating mauunawaan ang nais sabihin ng ating kausap.

Pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ang sumusunod:



Nakasusulat ng isang sanaysay na naglalahad ng sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa (LS1CS/FIL-PU- PPE- JHS-25); at



Nagagamit nang wasto ang mga pang-ugnay na hudyat sa pagsasalaysay at pagsusunod-sunod ng mga pangyayari (isang araw, samantala, at iba pa) (LS1CS/FIL-PS-PPB-JHS-18).






## ARALIN 3

# TUKLASIN

---

**Panuto:** Basahin ang teksto at salungguhitan ang mga pang-ugnay na ginamit.

### IÑIGO PASCUAL, HINIKAYAT ANG MGA BATA NA GAMITIN ANG SARILING WIKA



Laking ibang bansa man si Iñigo Pascual, iginigiit pa rin niya na ang kaniyang puso ay nasa Pilipinas kaya't marapat na rin lang, para sa kaniya, na kilalanin naman din ng kabataan ang pambansang wika rito.

Kamakailan lang sumali ang binatilyong kompositor sa “*G Squad*” na binuo ni former Environment Secretary Gina Lopez bilang parte ng “*G Diaries*” na naglalayong ipakita ang kagandahan ng Pilipinas pati na rin ang mga mamamayan nito.

“Dapat mahalín ang sariling atin. Ang mga bata, hindi [na] marunong mag-Tagalog,” ani niya

## ARALIN 3

---

Ayon sa kaniya, naipakikita ni Iñigo ang pagmamahal niya sa kaniyang wika sa tuwing siya ay nagsasalita sa nasabing programa pati na rin sa kaniyang mga kanta.

Dagdag pa niya, ito mismo ang problema na dapat tutukan bago pa lumala at kung hindi natin mamahalin ang sariling atin, paano umano tayo uunlad bilang isang bansa.

*“We keep comparing ourselves to other countries.”* Mahalin natin ang ating sarili. *It’s the only thing we have.”* dagdag niya.

Plano ni Iñigo na sumulat ng bagong kanta na sasalamín sa kultura ng Pilipino at magmamalaki na hindi patatalo ang mga awiting Pilipino laban sa mga awiting banyaga.

Inaasahan umano ni Iñigo na susuportahan ito ng kaniyang mga tagahanga pati na rin ang mga tagahanga ng kaniyang mga naturang proyekto.



## ARALIN 3

# SURIIN

Ang iyong binasa at ginawa sa tuklasin ay isang balita na ginamitan ng iba't ibang pang-ugnay na ginagamit sa pagsasalaysay ng mga pangyayari. Samakatuwid, ginagamit ang mga pang-ugnay na pangatnig upang mas maging maganda ang daloy ng mga pangyayari o kuwento sa loob ng isang babasahin o sanaysay.

Bago ka dumako sa mga pang-ugnay na maaari mong gamitin, alamin mo muna ang kahulugan ng pang-ugnay.

Ang **pang-ugnay** ay mga salitang nagpapahayag ng relasyon ng dalawang bahagi sa pangungusap, maaaring salita at dalawang parirala o ng dalawang sugnay.

Ito ay may tatlong uri:

- a. Pangatnig (*Conjunction*)
- b. Pang-angkop (*Ligature*)
- c. Pang-ukol (*Preposition*)

Ngunit sa aralin na ito, **pangatnig** lamang ang tatalakayin.

Ang **pangatnig** ay bahagi ng panalita na ginagamit sa pag-uugnay ng isang salita sa kapuwa salita, ng isang parirala sa kapuwa parirala, o ng isang pangungusap sa kapuwa pangungusap.

Ang mga kaisipang pinag-uugnay ay maaaring maging:

1. **Panimbang** – ito ay ginagamit upang makapagpahayag ng karagdagang impormasyon at kaisipan gayundin, pinagsasama nito ang mga kaisipang sumusuporta sa isa't isa.

Ang mga ito ay: **at, saka, pati, kaya, anupa't.**


## ARALIN 3

---

### Halimbawa:

Kumain sila ng sorbetes at tinapay.

**Pangatnig: “at”** - nag-ugnay sa sorbetes at tinapay dahil parehong pagkain at naging karagdagan ang tinapay sa kaniyang kinain.



2. **Paninsay** – ito ay ginagamit sa pangungusap na ang dalawang ideya ay magkasalungat.

Ang mga ito ay: **ngunit, datapwat, subalit, bagaman, samantala, kahiman, kahit**

### Halimbawa:

Kumain na siya ngunit siya’y gutom pa rin.

**Pangatnig: “ngunit”** - nag-ugnay sa salitang kumain na kasalungat ng salitang gutom.



3. **Pananhi** – ito ay ginagamit upang magbigay ng dahilan o katuwiran para sa pagkaganap ng kilos.

Ang mga ito ay: **dahil sa, sanhi sa, sapagkat, mangyari**

### Halimbawa:

Nahuli siya sa klase dahil hindi siya maagang natulog kagabi.

**Pangatnig: “dahil”** - nag-ugnay sa salitang nahuli siya sa klase na resulta ng hindi niya maagang pagtulog kagabi.



## ARALIN 3

---

4. **Pamukod** – ito ay ginagamit sa pagbubukod o pagtangi ng mga kaisipan upang mabigyan ang bawat isa ng kani-kaniyang importansya.

Ang mga ito ay: **o, ni, maging, man**

**Halimbawa:**

Maging ang mga kasamahan niya’y hindi nagustuhan ang kaniyang ginawa.

**Pangatnig:** “**maging**” - nagbibigay ng diin sa salitang kasamahan bilang isang bukod na grupo na hindi nagkagusto sa ginawa ng isang partikular na tao.


5. **Panubali** – ito ay ginagamit sa pagpapakita ng pag-aalinlangan

Ang mga ito ay: **kung, kapag, sakali, disin sana**

**Halimbawa:**

Sakaling umulan, hindi na matutuloy ang ating planong pumunta roon.

**Pangatnig:** “**sakaling**” - nagbibigay ng hindi kasiguraduhan na matutuloy ang kanilang planong pag-alis.



6. **Panulad** – ito ay ginagamit upang mapagtulad ang mga pangyayari o kilos

Ang mga ito ay: **kung ano; siya rin; kung gaano**

**Halimbawa:**

Kung ano ang nangyari noon, siya ring nangyayari ngayon.

**Pangatnig:** “**Siya rin**” nagpapahayag ng paghahambing sa pangyayari noon sa pangyayari ngayon.

## ARALIN 3

---

7. **Panlinaw**- ito ay ginagamit upang ipaliwanag ang bahagi o kabuoan ng isang banggit.

Ang mga ito ay: **kung gayon at kaya**

**Halimbawa:**

Nagkasundo na ang mag-asawa, kung gayon, magsasama na silang muli.


**Pangatnig:** “Kung gayon” - nagpapahayag ng paliwanag sa kabuoang pangyayari

8. **Pamanggit**- ito ay ginagamit upang maipahayag ang paggaya o pagsasabi ng kalamangan ng iba

Ang mga ito ay: **daw, raw, sa, ganang akin/iyo at ‘di umano**

**Halimbawa:** Di umano, mahusay umawit si Bianca.

**Pangatnig:** “Di umano” nagpapahayag ng kalamangam ni Bianca sa pag-awit.



## ARALIN 3

---

Kagaya ng nabanggit sa unang parte ng araling ito, maaaring magamit ang mga pang-ugnay sa pagsasalaysay ng mga pangyayari gayundin, sa pagbibigay ng sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa, mahalaga ang pagkakaroon ng kalinawan at magandang daloy ng mga ideya sa loob ng sulatin na ito.

Para makabuo ng isang mabisa at mahusay na sanaysay na naglalaman ng sariling pananaw, kailangang isaalang-alang ang sumusunod:

1. Alamin at unawain ang isyu o paksa na nais bigyan ng sariling pananaw.
2. Dapat maging maliwanag at tiyak ang pagbibigay ng panig.
3. Magkaroon ng sapat na katuwiran at katibayan na magagamit upang makapagbigay ng patunay sa iyong opinyon o sariling pananaw.
4. Dapat ay may kaugnayan sa paksa ang katibayan at katuwiran upang makapanghikayat.
5. Tiyaking mapagkakatiwalaan ang mga ilalahad na katuwiran.

### **PAANO BUMUO NG SANAYSAY NA NAGLALAMAN NG SARILING PANANAW?**

1. Pumili ng paksang malapit sa iyong puso at napapanahon.
2. Magsagawa ng panimulang pananaliksik o pagsiyasat tungkol sa napiling paksa.
3. Ilahad ang iyong panig tungkol sa isyung napili.
4. Gumamit ng mga pang-ugnay na pagsasalaysay upang maging mas maayos ang daloy ng mga impormasyon sa loob ng sanaysay.



## ARALIN 3

# LINANGIN

I. **Panuto:** Alamin kung ano ang tinutukoy sa bawat pangungusap. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Nagpapakita ng pag-aalinlangan o kawalang-katiyakan

- |            |             |
|------------|-------------|
| A. pananhi | C. panulad  |
| B. pamukod | D. panubali |

2. Naghahambing ng mga kaisipan.

- |            |             |
|------------|-------------|
| A. pananhi | C. panulad  |
| B. pamukod | D. panubali |

3. Pinagsasama nito ang mga kaisipang magkakaugnay o sumusuporta sa isa't isa.

- |              |             |
|--------------|-------------|
| A. pananhi   | C. panulad  |
| B. Panimbang | D. panubali |

4. Nagbibigay ng dahilan o katuwiran para sa pagkaganap ng kilos.

- |            |             |
|------------|-------------|
| A. pananhi | C. panulad  |
| B. pamukod | D. panubali |

5. Ito ay ginagamit sa paghihiwa-hiwalay ng mga kaisipan upang mabigyan ang bawat isa ng kani-kaniyang diin.

- |            |             |
|------------|-------------|
| A. pananhi | C. paninsay |
| B. pamukod | D. panubali |



## ARALIN 3

---

6. Ito ay ginagamit sa pangungusap na ang dalawang kaisipan ay magkasalungat.
- A. pananhi  
B. pamukod  
C. paninsay  
D. panubali
7. Ito ay ginagamit sa pangungusap na ang dalawang kaisipan ay magkasalungat.
- A. pananhi  
B. pamukod  
C. paninsay  
D. panubali
8. Ito ay ginagamit upang maipahayag ang paggaya o pagsasabi ng lamang ng iba.
- A. pamanggit  
B. panlinaw  
C. paninsay  
D. panubali
9. Ito ang pang-ugnay na ginagamit sa pagpapahayag ng paliwanag.
- A. kung gayon  
B. raw/daw  
C. paninsay  
D. panubali
10. Ito ang pang-ugnay na ginagamit pagpapahayag ng paggaya o kalamangan ng iba.
- A. kung gayon  
B. raw/daw  
C. paninsay  
D. panubali

## ARALIN 3

---

**II. Panuto:** Bumuo ng mga pangungusap na nagtataglay ng sumusunod na mga pang-ugnay sa pagsasalaysay. Ilagay kung ito ay Panimbang, Paninsay, Pananhi, Pamukod at Panubali. Isulat sa isang malinis na papel ang iyong sagot.

URI NG PANG-UGNAY	PANGUNGUSAP
<b>Panimbang</b>	
<b>Paninsay</b>	
<b>Pananhi</b>	
<b>Pamukod</b>	
<b>Panubali</b>	
<b>Pamanggit</b>	
<b>Panlinaw</b>	

## ARALIN 3

### RUBRIK SA PAGBUO NG HALIMBAWA GAMIT ANG MGA PANG-UGNAY SA PAGSASALAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nakapagbigay ng mga kahingian na nakabatay sa aralin at panuto.	Nakapagbigay ng ilan sa mga kahingian na nakabatay sa aralin at panuto.	Hindi nakapagbigay ng mga kahingian na nakabatay sa aralin at panuto.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng ideya at wasto ang konstruksiyon ng mga pangungusap.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng ideya at may ilang pangungusap na hindi wasto ang konstruksiyon.	Hindi maayos ang paglalahad ng ideya at ang konstruksiyon ng mga pangungusap.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga ideya na nasa aralin. pang-ugnay sa pagsasalaysay na binigyang-tuon sa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga pang-ugnay sa pagsasalaysay na binigyang-tuon sa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng pang-ugnay sa pagsasalaysay na binigyang-tuon sa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
<b>KABUOAN (20 PUNTOS)</b>				



## ARALIN 3

# ISAGAWA

**Panuto:** Sumulat ng isang sanaysay na naglalahad ng iyong sariling pananaw sa mga napapanahong isyu sa iyong komunidad. Marapat itong magtaglay ng mga pang-ugnay sa pagsasalaysay. Isulat ito sa isang malinis na papel.

### RUBRIK SA PAGSULAT NG SANAYSAY NA MAY PANG-UGNAY SA PAGSASALAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Mahusay at malinaw na naipaliwanag ang sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu sa komunidad.	Hindi gaanong mahusay at bahagyang malinaw ang pagpapaliwanag sa sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu sa komunidad.	Hindi mahusay at hindi malinaw ang pagpapaliwanag sa sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu sa komunidad.	
ORGANISASYON	Napakaayos at organisado ang paghahanay ng mga ideya. Malinaw ang pagkakalahad ng mga ideya.	Hindi gaanong maayos at organisado ang paghahanay ng mga ideya. May ilang bahagi na malabo ang pagkakalahad ng ideya.	Hindi maayos at hindi organisado ang paghahanay ng mga ideya. May kalabuan ang halos lahat ng ideya.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga pang-ugnay sa pagsasalaysay na binigyang-tuon sa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga pang-ugnay sa pagsasalaysay na binigyang-tuon sa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga pang-ugnay sa pagsasalaysay na binigyang-tuon sa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
<b>KABUOAN (20 PUNTOS)</b>				



## MODYUL 5

# TANDAAN MO



- **Paglalarawan** – Uri ng pagpapahayag na nagbibigay ng deskripsiyon sa salaysay.
- **Karaniwang Paglalarawan** – ito ay gumagamit ng mga tiyak at kongkretong salita na naglalarawan.
- **Masining na Paglalarawan** – ito ay naglalayong pukawin ang guni-guni ng damdamin ng mambabasa.
- **Pagsasalaysay** – Uri ng pagpapahayag na nagsasalaysay ng mga pangyayari sa kabuoan ng babasahin.
- **Pangangatwiran** – Uri ng pagpapahayag na nagbibigay ng sapat na katibayan o patunay upang ang isang panukala ay maging katanggap-tanggap o kapani-paniwala.
- **Pangangatwirang Pabuod (*Inductive Reasoning*)** – Nagsisimula sa partikular na kaisipan at nagtatapos sa pangkalahatang ideya.
- **Pangangatwirang Pasaklaw (*Deductive Reasoning*)** – Nagsisimula ang pangangatwiran sa paglalahad ng pangkalahatang ideya at nagtatapos sa partikular na kaisipan.





- **Paglalahad** – ito ay isang anyo ng pagpapahayag na naglalayong mabigyang-linaw ang isang konsepto o kaisipan, bagay, o paninindigan upang lubos na maunawaan ng nakikinig o nagbabasa.
- **Pagbibigay Katuturan** – ito ay nagpapaliwanag ng pag-unawa sa kahalagahan ng isang bagay, tao, pangyayari o konsepto.
- **Pagsunod sa Panuto o Pamamaraan** – ito ay nagpapaliwanag sa mga hakbang na dapat sundin upang maabot ang ninanais na kalabasan.
- **Pangulong Tudling/Editoryal** – ito ay nagpapahayag ng opinyon o palagay ng editor ng isang pahayagan o magasin tungkol sa napapanahong isyu.
- **Sanaysay** – anyong panitikan na naglalahad ng kuro-kuro, pananaw, paniniwala, at damdamin ng manunulat hango sa kaniyang karanasan at sa inaakalang palagay niya sa katotohanan.
- **Balita** – naglalaman ng mga pang-araw-araw na pangyayari sa loob at labas ng bansa.





- **Pitak** – ito ay naglalaman ng reaksiyon at sariling pananaw hinggil sa isang napapanahong isyu o pangyayaring nagaganap sa kaniyang paligid o sa iba pang pook. Madalas na tinatawag itong kolum.
- **Tala** – ito ay listahan ng mga bagay na dapat gawin o tandaan.
- **Ulat** – paglalahad ng mga kaisipan o kaalamang nakukuha, natututuhan, at nasaliksik mula sa binasa, narinig, nakita, o naranasan.
- **Sanhi at Bunga** – Ito ay nagpapakita ng sanhi na dahilan ng pangyayari at bunga na resulta ng isang pangyayari.
- **Paraan at Layunin** – Ang **paraan** ay sumasagot sa tanong na “Ano ang iyong ginawa?” at ang **layunin** naman ay sumasagot sa tanong na “Para saan ang iyong ginawa?”.
- **Paraan at Resulta** – Ang **paraan** ay sumasagot sa tanong na “Ano ang iyong ginawa?” at ang **resulta** naman ay sumasagot sa tanong na “Ano ang kinalabasan ng iyong ginawa?”.





- **Kondisyon at Bunga** – Ang **kondisyon** ay nagpapakita ng dapat na ginawa at ang **bunga** naman ang maaaring resulta ng iyong ginawa.
- **Pang-ugnay** – salitang nagpapahayag ng relasyon ng dalawang bahagi sa pangungusap, maaaring salita at dalawang parirala o ng dalawang sugnay.
- **Pangatnig** – bahagi ng panalita na ginagamit sa pag-uugnay ng isang salita sa kapuwa salita, ng isang parirala sa kapuwa parirala, o ng isang pangungusap sa kapuwa pangungusap.
- **Panimbang** – ito ay ginagamit upang makapagpahayag ng karagdagang impormasyon at kaisipan gayundin, pinagsasama nito ang mga kaisipang sumusuporta sa isa't isa.
- **Paninsay** – ito ay ginagamit sa pangungusap na ang dalawang ideya ay magkasalungat.
- **Pananhi** – ito ay ginagamit upang magbigay ng dahilan o katuwiran para sa pagkaganap ng kilos.







- **Pamukod** – ito ay ginagamit sa pagbubukod o pagtangi ng mga kaisipan upang mabigyan ang bawat isa ng kani-kaniyang importansya.
- **Panubali** – ito ay ginagamit sa pagpapakita ng pag-aalinlangan.
- **Panulad** – ito ay ginagamit upang mapagtulad ang mga pangyayari o kilos.
- **Panlinaw** – ito ay ginagamit upang ipaliwanag ang bahagi o kabuoan ng isang banggit.
- **Pamanggit** – ito ay ginagamit upang maipahayag ang paggaya o pagsasabi ng kalamangan ng iba.





## MODYUL 5

# PAGTATAYA

- I. **Panuto:** Masdan ang iyong kapaligiran. Ano-ano ang apat na problemang iyong nakikita? Ilista at ipaliwanag ang **sanhi at bunga** nito gamit ang **hudyat ng kaugnayang lohikal**. Isulat ito sa isang malinis na papel.

**Problema:** \_\_\_\_\_

**Dahilan:** \_\_\_\_\_

**Bunga:** \_\_\_\_\_

### RUBRIK SA PAGBUO NG PAHAYAG NA GUMAGAMIT NG HUDYAT NG KAUGNAYANG LOHIKAL

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Mahusay at malinaw na naipaliwanag ang mga sanhi at bunga ng mga problemang natukoy.	Bahagyang mahusay at hindi gaanong malinaw ang pagpapaliwanag sa mga sanhi at bunga ng mga problemang natukoy.	Hindi mahusay at hindi malinaw ang pagpapaliwanag sa mga sanhi at bunga ng mga problemang natukoy.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng mga ideya.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya.	Hindi maayos ang paglalahad ng mga ideya.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga ideya na nasa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
<b>KABUOAN (20 PUNTOS)</b>				

**II. Panuto:** Gamit ang mga isyu o problema na iyong inilista sa unang gawain, pumili ng isang malapit sa iyong puso. Gamit ang mga pang-ugnay na hudyat sa pagsasalaysay at pagsusunod-sunod ng mga pangyayari, sumulat ng isang sanaysay na naglalaman ng iyong sariling pananaw tungkol sa isyu na iyon. Isulat ang iyong sanaysay sa isang malinis na papel.

### RUBRIK SA PAGBUO NG SANAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Mahusay at malinaw na naipaliwanag ang sariling pananaw sa napiling isyu.	Bahagyang mahusay at hindi gaanong malinaw ang pagpapaliwanag sa sariling pananaw sa napiling isyu.	Hindi mahusay at hindi malinaw ang pagpapaliwanag sa sariling pananaw sa napiling isyu.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng mga ideya.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya.	Hindi maayos ang paglalahad ng mga ideya.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga ideya na nasa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
<b>KABUOAN (20 PUNTOS)</b>				

**III. Panuto:** Sumulat ng isang *spoken word poetry* na naglalaman ng iyong sariling kuwento tungkol sa isang pagsubok na napagtagumpayan dahil sa pananalig sa Diyos at tiwala sa sariling kakayahan. Dapat na ito ay kakikitaan ng iba't ibang paraan ng pagpapahayag. Isulat ang iyong *spoken word poetry* sa isang malinis na papel.

### RUBRIK SA PAGSULAT NG SPOKEN WORD POETRY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Mahusay at malinaw na naipaliwanag ang sariling kuwento tungkol sa pagsubok sa buhay.	Bahagyang mahusay at hindi gaanong malinaw ang pagpapaliwanag sa sariling kuwento tungkol sa pagsubok sa buhay.	Hindi mahusay at hindi malinaw ang pagpapaliwanag sa sariling kuwento tungkol sa pagsubok sa buhay.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng mga ideya sa paraan ng spoken word poetry.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya sa paraan ng spoken word poetry.	Hindi maayos ang paglalahad ng mga ideya sa paraan ng spoken word poetry.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga ideya na nasa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
<b>KABUOAN (20 PUNTOS)</b>				

# SUSI SA PAGWAWASTO

---

## SUBUKIN

### GAWAIN I

PAHINA 2

1. A
2. C
3. A
4. C
5. A

### GAWAIN II

PAHINA 3

Makapagbibigay ang mag-aaral ng sariling sagot sa kaniyang natutuhan sa lahat ng aralin.

1. Kaya siya ay pinagalitan ng kaniyang guro.
2. Dahil sa matinding pag-ulan
3. Malinis ang hangin at maraming pananim
4. Kaya hindi siya natutong magpahalaga ng gamit
5. Patuloy na nagtatapon ang mga mamamayan ng basura.

## ARALIN 3: MGA PANG-UGNAY SA PAGSASALAYSAY

### TUKLASIN

PAHINA 31

Laking ibang bansa man si Iñigo Pascual, iginigiit parin niya na ang kaniyang puso ay nasa Pilipinas padin- kaya't marapat na rin lang, para sa kaniya, na kilalanin naman din ng kabataan ang pambansang wika dito.

Kamakailan lang sumali ang binatilyong kompositor sa “G Squad” na binuo ni former Environment Secretary Gina Lopez bilang parte ng “G Diaries” na naglalayong ipakita ang kagandahan ng Pilipinas pati na rin ang mga mamamayan nito.

# SUSI SA PAGWAWASTO

---

“Dapat mahalín ang sariling atin. Ang mga bata, hindi [na] marunog mag-Tagalog,” ani niya.

Ayon sa kaniya, naipapakita ni Iñigo ang pagmamahal niya sa kaniyang wika sa tuwing siya ay nagsasalita sa nasabing programa pati na rin sa kaniyang mga kanta.

Dagdag pa niya, ito mismo ang problema na dapat tututakan bago pa lumala at kung hindi natin mamahalin ang sariling atin, paano umano tayo uunlad bilang isang bansa.

“*We keep comparing ourselves to other countries. Mahalin natin ang ating sarili. It’s the only thing we have.*” dagdag niya.

Plano ni Iñigo na sumulat ng bagong kanta na sasalamin sa kultura ng Pilipino at magmamalaki na hindi papatalo ang mga awiting Pilipino laban sa mga awiting banyaga. Inaasahan umano ni Iñigo na susuportahan ito ng kaniyang mga tagahanga pati na rin ang mga tagahanga ng kaniyang mga naturang proyekto.

## LINANGIN

### GAWAIN I

PAHINA 38

- |      |       |
|------|-------|
| 1. D | 6. C  |
| 2. C | 7. B  |
| 3. B | 8. A  |
| 4. A | 9. A  |
| 5. B | 10. B |

# TALAHULUGAN

---

Pagpapahayag	pagbabahagi ng mga saloobin o ng mga bagay na iniisip
Pangungusap	lipon ng salita na nagpapahayag ng buong diwa
Pangatnig	mga salitang nag-uugnay ng dalawang salita, parirala, sugnay, o pangungusap
Pang-ugnay	mga salitang nag-uugnay sa mga salita, parirala, sugnay, at pangungusap gaya ng pangatnig, pang-angkop, at pang-ukol
Parirala	lipon ng salita na hindi nagpapahayag ng buong diwa
Salaysay	isang paglalahad ng pagkakasunod ng mga pangyayari

Amongol, Nanette. “Iñigo Pascual, Hinikayat ang mga Bata na Gamitin ang Sariling Wika”, Pebrero 23, 2018. <https://tapatnews.com/iñigo-pascual-hinikayat-ang-mga-bata-na-gamitin-ang-sariling-wika/>

Baranda, Regine. “Mga Pang-ugnay sa Pagsasalaysay”, July 3, 2016. <https://prezi.com/bzuooao0jxsh/mga-pang-ugnay-sa-pagsasalaysay/>.

BerdeVintecinco. “Iba’t Ibang Paraan ng Pagpapahayag”, September 23, 2013. <https://www.slideshare.net/berdeventecinco/iba-t-ibang-uri-ng-pagpapahayagno-effects>.

Failano, Alice. “Gamitin ang mga salitang pang-ugnay sa tambalan at hugnayan”. Pebrero 23, 2018. <https://www.slideshare.net/alicetejero9/filipino-6-dlp-17-gamitin-ang-mga-salitang-pangugnay-sa-tambalan-at-hugnayan>

Garcia, Renileen. “Sanaysay at Iba’t Ibang Paraan ng Pagpapahayag”, September 5, 2013. [https://prezi.com/\\_gwmnl8qv1o8/sanaysay-at-ibat-ibang-paraan-ng-pagpapahayag/](https://prezi.com/_gwmnl8qv1o8/sanaysay-at-ibat-ibang-paraan-ng-pagpapahayag/).

“Isang Paglilinaw sa mga Paniniwala at Pagpapakahulugan sa ...”, n.d. Accessed August 28, 2019. [https://www.academia.edu/16536434/ISANG\\_PAGLILINAW\\_SA\\_MGA\\_PANINIWALA\\_AT\\_PAGPAPAKAHULUGAN\\_SA\\_ISPIRITWALIDAD\\_AT\\_RELIHIYON\\_NG\\_MGA\\_PILIPINO](https://www.academia.edu/16536434/ISANG_PAGLILINAW_SA_MGA_PANINIWALA_AT_PAGPAPAKAHULUGAN_SA_ISPIRITWALIDAD_AT_RELIHIYON_NG_MGA_PILIPINO).



# SANGGUNIAN

---

Manalo, Gel. “Mga Taguig scholar tatanggap ng P5K ngayong Covid-19 crisis”

Apr 12, 2020. <https://tnt.abante.com.ph/mga-taguig-scholar-tatanggap-ng-p5k-ngayong-covid-19-crisis/>

“Pamahiin: 280+ Mga Pamahiin ng mga Pilipino (The Ultimate List)”, n.d. Accessed August 28, 2019. <https://pinoycollection.com/pamahiin/>.

“Sanhi at Bunga. Pdf”, n.d. Accessed August 28, 2019. <https://www.scribd.com/doc/280989100/SANHI-AT-BUNGA-pdf>.

*Ang pagbuo at paglimbag ng modyul na ito ay naging posible dahil sa kooperasyon ng Asia Pacific College. Ito ay parte ng proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” ng opisina ng UNESCO, Jakarta kasama ang Kagawaran ng Edukasyon. Ang inisyatibong ito ay sinuportahan ng Korea International Cooperation Agency (KOICA) sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pampinansyal.*

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa:

**Kagawaran ng Edukasyon, Bureau of Learning Resources (DepEd BLR)**

Office Address : Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex,  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600  
Telefax : +63-2-8631-1072; +63-2-8634-1054; +63-2-8631-4985  
Email Address : [blr.qad@deped.gov.ph](mailto:blr.qad@deped.gov.ph); [blr.lrp@deped.gov.ph](mailto:blr.lrp@deped.gov.ph)